# INDEKS

PAG-AARAL AT PAGSUSURI SA MGA PANLIPUNANG ISYU AT KALAGAYAN



# Salin ng piling mga pahayag ni JMS

# PAUNANG SALITA

Inililimbag ng KARED-TK ang INDEKS Tomo 2, Bilang 1, corrected version, na naglalaman ng kompilasyon ng mga piling pahayag at mga talumpati ni Kasamang Jose Maria Sison mula Oktubre 2019 hanggang Abril 2020 hinggil kay Duterte; hinggil sa imperyalismo; hinggil sa peace talks at hinggil sa rebolusyong Pilipino. Lahat ng mga pahayag at talumpati ay malayang salin ng KARED-TK maliban sa dalawang artikulo na Paigtingin ang pakikibaka laban sa rehimeng Duterte, isulong ang kilusang pambansa- demokratiko ng bayan (Disyembre 14, 2019) at Mag-aral ng MKLRP para maging matatag at militante sa pakikibaka: Pagbati sa launching ng ika-4 na edisyon ng MKLRP (Oktubre 12, 2019) at ang buong seksyon ng hinggil sa Peace Talks na upisyal na salin ng PAKED-KAWSA nitong Setyembre 2021 na ipinalit sa salin ng KARED-TK.

Papailalim ito sa anumang upisyal na pagsasaling ilalabas ng Komite Sentral ng Partido, National Democratic Front of the Philippines, PAKED, Pambansang Komisyon sa Propaganda at iba pang pambansang organo ng Partido.

Ang pagsisikap na ito ng KARED-TK sa ilalim ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan ay pagtugon sa panawagan ng pambansang sentro (KTKS) na isalin ang mga makabuluhan at napapanahong mga pahayag at artikulo para patuloy na maitaas ang pampulitikang kamalayan ng Partido, Hukbo at baseng masa; maging sandatang kaalaman sa gawaing pagpukaw at pulitikalisasyon sa malawak na masa ng sambayanan, at paghikayat sa patuloy na pag-aaral sa kalagayan ng lipunan at mga tungkulin ng rebolusyon.


Maliban sa mga salin ng mga piling pahayag ni JMS, gumawa rin ang KARED-TK ng kaukulang mga gabay sa pagtalakay/*discussion points* (INDEKS Talk) para makatulong sa ating mga propagandista, organisador at mga edukador at mapasigla at mapaunlad pa ang ating mga rebolusyonaryong gawain.

Tatanggap din ang KARED-TK ng mga komento at/o mungkahi sa pagpapaunlad pa ng gawain sa pagsasalin at gayundin sa binalangkas na mga gabay sa pagtalakay. Maraming salamat.

Mula sa Patnugutan ng INDEKS Oktubre 2021

# JMS

## hinggil kay Duterte



# NILALAMAN:

KOMENTO SA HUWAD NA GERA SA DROGA AT SA PAGBIBITIW NI ALBAYALDE 2
Oktubre 14, 2019

KAMALASAN PARA SA PILIPINAS ANG PAGKAKAROON NG ISANG PRESIDENTENG WALANG KAKAYAHANG MENTAL PARA GAMPANAN ANG KANYANG PUSISYON 3
Oktubre 23, 2019

PAIGTINGIN ANG PAKIKIBAKA LABAN SA REHIMENG DUTERTE, ISULONG ANG KILUSANG PAMBANSA-DEMOKRATIKO NG BAYAN 4
Disyembre 14, 2019

PABULUSOK ANG REHIMENG DUTERTE HABANG SUMUSULONG ANG REBOLUSYONARYONG KILUSAN 8
Disyembre 26, 2019

PATULOY NA HINAHADLANGAN NG REHIMENG DUTERTE ANG NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAN AT INILULUNSAD ANG TODO-GERA LABAN SA SAMBAYANANG PILIPINO 15
Enero 11, 2020

Ang INDEKS ang opisyal na publikasyon ng KARED-TK na naglalaman ng mga pantulong na babasahin para sa mga edukador at propagandista sa rehiyong Timog Katagalugan.

# KOMENTO SA HUWAD NA GERA SA DROGA AT SA PAGBIBITIW NI ALBAYALDE

14 OKTUBRE 2019

Mula't sapul, ang huwad na gera sa droga ay nakadisenyo at ipinatupad upang mailuklok si Duterte bilang pinakamataas sa mga *druglord* at makapangibabaw ang sarili niyang pangkat ng mga *druglord*, mga gobernador at heneral sa kalakalan ng iligal na droga.

Noon pa ma'y nagtagumpay na bilang mga kriminal ang pulisya at ang mga upisyal nito tulad nina Bato de la Rosa at Albayalde sa pagtatamasa ng basbas ng presidente na patayin ang mga mahihirap na mamamayan para magsilbing babala kung sino ang mga panginoon ng kalakalan, at nakinabang mula sa korapsyon bilang kabayaran sa kanila para sa pagpatay sa puu-puong libong mahihirap na mamamayan at sa pagpapahintulot na iresiklo ang mga drogang napapasakamay nila.

Ang lantad nang kriminalidad at korapsyon ng mga upisyal ng pulisya ay isang manipestasyon ng korap, nabubulok at mapagpanggap na katauhan ng rehimeng Duterte. Nangako si Duterte na lulutasin ang problema sa iligal na droga. Pero pinalubha niya ito para sa kapakinabangan ng sarili niyang pangkat ng mga kriminal sa kapangyarihan.

Ang pagbibitiw ni Albayalde at paghalili rito ng isa pang itinalaga ni Duterte ay hindi magdudulot ng mga pagbabagong pabor sa mamamayan. Ang punong tagapagtanggol ng mga *druglord* ay nananatili sa kapangyarihan at pinalalampas pa nga ang lantad nang korapsyon ni Albayalde.

Minamarapat para sa lahat ng mga tapat at interesado sa negosasyong pangkapayapaan, bukod sa GRP at sa NDFP, na magpatuloy sa pag-aasikaso para sa pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan hangga't pinahihinulutan ng kalagayan. Umaasa kami sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino laban sa tiraniya, pagtataksil, pandarambong at panlilinlang na lumilikha ng mas mainam na kundisyon para sa negosasyong pangkapayapaan.

Ang anti-pambansa at anti-demokratikong karakter ng rehimeng Duterte ang pumukaw sa isang malawak na hanay ng patriyotiko at progresibong mga pwersa at sa malawak na masa ng mamamayan para ipanawagan ang

pagtutuloy ng  negosasyong pangkapayapaan bilang daan sa pagsusulong at pagsasakatuparan ng lubos na kalayaan ng bansa, demokrasya, hustiyang panlipunan, pag-unlad sa ekonomya at kultura at pandaigdigang pagkakaisa.

---

# KAMALASAN PARA SA PILIPINAS ANG PAGKAKAROON NG ISANG PRESIDENTENG WALANG KAKAYAHANG MENTAL PARA GAMPANANANG KANYANG PUSISYON

23 OKTUBRE 2019

Una, naiulat na si Duterte ay nakakaranas ng matinding sakit mula sa kanyang gulugod at kinakailangang bumalik sa Pilipinas. Ngayon, pinagmukhang mayroon lamang siyang bahagyang paninigas ng kanyang mga maskulo at nakapunta pa sa burol ni Nene Pimentel.

Kasabay nito, kumalat ang balitang pineke niya ang kanyang malalang sakit at biglaang umalis sa Japan dahil hindi siya makakaupo sa unahan kahanay ng mga namumuno sa mga bansa, at sa halip ay sa hanay lamang ng mga *ambassador* sa pinakalikurang upuan.

Ang mga huling kaganapan at mga ulat ay nagdidiin sa katotohanang si Duterte ay may pisikal na karamdaman sa isang antas at mas masama pa na siya ay may seryosong sakit sa utak na nagpapakita na hindi siya nararapat sa kanyang pusisyon.

Nagpabago-bago ang isip ni Duterte tungkol sa pagpunta niya sa seremonya ng pagluluklok sa  bagong hari ng Japan. Una sinabi niyang hindi siya pupunta. Noong palapit na ang seremonya, nag-desisyon siya na pumunta at gumastos ng hindi bababa sa P35 milyong pondo ng bayan at malalaman na lang niya na makakaupo pala siya sa huling hanay ng mga upuan.

Tunay na kamalasan para sa Pilipinas ang pagkakaroon ng isang iresponsableng presidente na nagwawaldas lamang ng pondo ng bayan sa kanyang mga kapritso at sa isang presidenteng walang kakayahang mental para gampanan ang kanyang pusisyon. Ang pinakamasamang katotohanan tungkol sa kanyang katauhan ay may sakit siya sa moral—traydor, tiraniko, uhaw sa dugo, korap at sinungaling.

# PAIGTINGIN ANG PAKIKIBAKA LABAN SA REHIMENG DUTERTE, ISULONG ANG KILUSANG PAMBANSA-DEMOKRATIKO NG BAYAN

Mensahe sa All-*leaders* Meeting ng BAYAN Metro Manila
14 DISYEMBRE 2019

Mahal na mga kasama sa pakikibaka,

Nagpapasalamat ako sa Bayan Metro Manila sa pag-anyaya sa akin sa pamamagitan ni Ka Mong Palatino na lumahok sa All-*leaders* Meeting nila. Karangalan at mahalagang pagkakataon na makipagtalakayan sa mga namumunong aktibista ng BAYAN sa pinakaimportanteng lungsod ng ating bayan. Sa *open forum*, handa akong sumagot sa mga tanong.

Napakahalaga ng pagtitipon ninyo upang talakayin ang pambansang sitwasyon, mga mayor na kaganapan sa taong ito at paghahanda ng kilusang masa para sa susunod na taon. Sa taong ito, pinasidhi ng rehimeng Duterte ang mga patakaran at aksyon nitong mapang-api at mapagsamantala at ang krisis ng buong naghaharing malakolonyal at malapyudal na sistema.

Umalagwa ang pagtataksil ng rehimen sa bayan. Nanatili ang lahatang-panig na dominasyon ng US sa bayan at patuloy ang pagsuporta nito sa rehimen dahil sa pangako nitong durugin ang kilusang rebolusyonaryo at gumawa ng mga susog sa konstitusyon ng 1987 na lalo pang magpapaluwag sa pag-aari at operasyon ng mga korporasyon ng US at iba pang bansa.

Kaalinsabay nito, ang pagbebenta sa China ng mga soberanong karapatan sa West Philippine Sea at mga likas yaman sa ilalim nito. Bukod pa, nakikinabang ang pangkating Duterte sa mga ugnayan nito sa mga sindikatong kriminal na Tsino sa pagpupuslit at pagkalat ng mga iligal na droga at iba pang kalakal, kabilang na ang bigas at sari-saring kagamitan.

Umigting ang tiraniya ng rehimen, ang terorismo ng estado at pag-iral ng di deklaradong pasistang diktadura. Isinasagawa nang malawakan ang *red-baiting*, pagdukot, maramihang pamamaslang, pag-agaw o pagsira sa mga pribadong ari-arian at pandarambong sa kabangyaman. Sa ilalim ng *Executive*

*Order No. 70,* isinasagawa ang militarisasyon at pasisasyon ng gobyerno at lipunan.

Sa ngalan ng anti-komunismo, ginagamit ang mga pasistang kampanya para panatilihin ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Magkaakibat ang neoliberalismo at pasismo sa pagsasamantala at pang-aapi sa mga anakpawis at sa sambayanang Pilipino. Sa gayon, ibayong sumasahol ang pagkaatrasado ng ekonomya, kawalan ng trabaho, malaganap na karukhaan at pagsupil sa mga karapatang tao.

Lumala ang korupsyon. Ginagamit ng pangkating Duterte ang lahat ng pagkakataon sa pandarambong. Kabilang dito ang pinalaking *pork barrel*, ang pangungutang sa loob at labas ng bansa, *overpricing* ng mga proyekto at suplay sa mga sibil at armadong ahensya, pinalaking pamimili ng kagamitang militar mula sa labas ng bansa at pagpuslit ng droga at iba pang kalakal.

Garapal na pinakawalan ang mga dating mandarambong at ibinasura ang mga kaso laban sa kanila. Kasabwat ngayon ng pangkating Duterte ang mga dating mandarambong sa ilalim ng rehimeng Marcos, Arroyo at iba pa. Sadya ring pinapayagan ng pangkating Duterte ang mga opisyal ng militar at pulis sa pagnanakaw sa mga pondo para sa operasyon, paniktik at saywar, laluna ang mga pondo para sa mga pekeng *community support projects*, pekeng pagpapasuko at mga pekeng engkwentro.

Mas marami pa kayong mailalahad na punto sa inyong pagsusuri at pagtalakay sa pambansang kalagayan, laluna na kung magtuon kayo sa karumal-dumal na kalagayan at mga hinaing ng mga manggagawa, mga maralitang lunsod at mga panggitnang saray na naghihirap ngayon sa pagbagsak ng tunay na halaga ng kita, ang paglipad ng presyo ng mga batayang kalakal at serbisyo, ang paglala ng disempleyo, ang pagbaba ng kalagayan sa trabaho at pamumuhay, kawalan o kasalatan ng mga serbisyo sosyal, ibayong paglaganap ng karukhaan at pagsupil sa mga karapatang demokratiko ng mamamayan, mga unyon at iba pang organisasyong masa.

Sadyang sinira at itinigil ni Duterte ang usapang pagkapayapaan upang isakatuparan ang ambisyon niyang maging pasistang diktador at mangurakot nang parang walang hanggan katulad ni Marcos. Pero nabibigo ang mga kampanya ng panunupil at pananakot at lalo pang lumalakas at lumalawak ang ligal na demokratikong pakikibaka at armadong rebolusyon. Huwag

magtaka kung mag-alok ang rehimeng Duterte ng muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan.

Noong Disyembre 5, lumabas sa mga peryodiko na nais ni Duterte na magkaroon ng negosasyong pangkapayapaan. Seryosong pag-aaralan ng NDFP ang pahayag niya alang-alang sa kapakanan ng bayan. Kung magkakaroon man ng pormal o impormal na pag-uusap, dapat tuluy-tuloy pa rin ang pakikibaka sa lahat ng anyo habang wala pang mga kasunduan na nagpapatupad ng makatarungang kapayapaan. Titiyakin ng NDFP na ang usapan ay hindi lamang isang taktika para biyakin ang mga rebolusyonaryong pwersa at ang nagkakaisang hanay at para pasidhiin pa ang Oplan Kapanatagan at iba pang mga oplan ng panunupil.

Dapat alamin ninyo ang mga pangkalahatan at mga partikular na kalagayan at magpalalim sa pagsusuri sa mga atake at panlilinlang ng estado sa mamamayan at mga makabayan at progresibong mga organisasyon at kilusan. Sa gayon, mapapalakas ninyo ang pagkakaisa at palabang diwa ng inyong mga organisasyon at kasapian, maging klaro ang mga isyu, maitakda ang mga tungkulin at maging handa kayo sa lalo pang maigting na pakikibaka sa darating na taon.

Mayaman ang karanasan ng pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas, laluna sa Metro Manila. Kung kailan lamang sa kasaysayan, dito nangyari ang mga panimulang kilos protesta ng masa sa mga taong 1960, ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970, ang mga higanteng kilos protesta ng 1983 hanggang 1986 na nagpabagsak sa pasistang rehimen ni Marcos at gayundin ang nagpatalsik sa korap na rehimeng Estrada noong 2000-2001.

Makakahalaw kayo ng mga estratehiya at taktika sa paghimok, pag-organisa at pagmobilisa ng malaking bilang ng masa upang ipaglaban ang mga pambansa at demokratikong karapatan at ibagsak ang rehimeng malupit at korap. Umaasa ako na magkaroon ng mga higanteng rali na bubuuhin ng mga martsa ng mga tao mula sa maraming *assembly point* at pinaghahandaan ng mga malawakang *noise barrage* at iba pang kilos protesta, ng mga lokal na rali at mga *megaphone broadcast* sa bawat kanto, pamamahagi ng polyeto at periodikit at mga talakayan sa naghuhumiyaw na isyu  sa harap ng mga komunidad.

May mga taktika rin kung paano tugunan ng ibayong militansya ang anumang

brutalidad na gagawin ng mga pulis at militar. Maasahan at matitiyak ninyo na ibayong magiging palaban ang masa kapag lalo pang magiging marahas ang mga pulis at militar. Sa antas ng estratehiya, ligal at depensiba at pakikibaka sa kalunsuran. Subalit sa antas ng taktika, may mga militanteng paraang magagamit para tungunan ang karahasan ng estado.

Dagdag pa sa kasaysayan at kasalukuyang lakas ng kilusang pambansa-demokratiko sa Pilipinas, makakakuha tayo ng inspirasyon at mga aral mula sa kasaysayan at kasalukuyang kilusang protesta sa iba't ibang bansa, laluna ngayong pumutok ang mga protestang masa laban sa neoliberalismo at pasismo sa napakaraming bansa, kabilang kapwa ang mga atrasado't abanteng ekonomiya.

Paborable ngayon sa pambansa-demokratikong kilusan at sa kilusang protesta ng masa ng Metro Manila ang paglubha ng krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas at krisis ng pandaigdigang sistema ng kapitalismo. Inuudyukan at itinutulak ng ibayong pagsasamantala at pang-aapi ang masa na kumilos at lumaban sa kaaway upang kamtin ang tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino.

Mabuhay ang Bayan-Metro Manila!
Maglunsad ng malalaking kilos protesta!
Patalsikin ang imbing rehimeng Duterte!
Isulong ang kilusang pambansa-demokratiko!
Mabuhay ang sambayanang Pilipino!

# PABULUSOK ANG REHIMENG DUTERTE HABANG SUMUSULONG ANG REBOLUSYONARYONG KILUSAN

26 DISYEMBRE 2019

Bilang Tagapangulong Tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas na ginagabayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ipinapaabot ko ang aking pinakamainit na rebolusyonaryong pagbati sa mga kadre at kasapian nito sa kanilang pagpupunyaging palakasin ang kanilang dakila at maringal na Partido bilang abanteng destakamento ng uring manggagawa, bilang pinuno ng mamamayang Pilipino at lahat ng pwersang rebolusyonaryo sa kanilang pakikibaka para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya sa pangkalahatang linyang bagong demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba.

Sinasaluduhan ko kayo sa inyong nakamit na mga tagumpay sa pagtugon sa kahilingan ng mamamayan para sa rebolusyonaryong pagbabago laban sa nabubulok na malakolonyal at malapyudal na sistemang kinukubabawan ng dayuhang monopolyo kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Tulad ninyo, iginagawad ko ang pinakamataas na parangal sa lahat ng rebolusyonaryong martir at bayani ng Communist Party of the Philippines (CPP) at rebolusyonaryong kilusang masa sa kanilang mga pagsisikap at sakripisyo para sa pagsasakatuparan ng ating mga tagumpay sa pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Okasyon ito para ipagdiwang ang inyong pakikibaka, mga sakripisyo at tagumpay, para suriin ang obhetibong kalagayan ng Pilipinas, ang lumalalang krisis at ang oportunidad na ibinibigay nito, lagumin ang inyong mga karanasan at matuto mula sa mga positibo at negatibong aral, ipwesto ang inyong sarili batay sa kalakasang inyong natamo at tupdin ang mga tungkulin at mithiing nas nating makamit sa mga larangan sa ideolohiya, pulitika, at organisasyon.

**Lumalalang Krisis ng Naghaharing Sistema**

Ang obhetibong kalagayan ay lalong nagiging paborable sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan dahil pinalala ng traydor, tiraniko, kriminal, korap at mapanlinlang na rehimeng Duterte ang kronikong krisis ng naghaharing sistema sa pagpapatindi ng panunupil at pagsasamantala sa

mamamayan at itinutulak silang maglunsad ng digmang bayan at lahat ng anyo ng paglaban.

Higit kailanman, pinalala ng rehimen ang atrasadong kalagayan, mataas na disempleyo, mababang pasahod, sumisirit na presyo ng mga pangunahing bilihin at malawakang kahirapan. Lalong binangkarote nito ang ekonomya ng bansa sa pag-iwas nitong ipatupad ang reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, tumataas na konsumong nakasalig sa import at mabilis na pagpapalaki sa lokal at dayuhang utang at pagpapataw ng napakataas na buwis sa mamamayan.

Pinakamalala sa lahat, gahiganteng halaga ng pampublikong pondo ang napupunta sa burukratiko at pangmilitar na korapsyon at sa bigong pagtatangka nitong wasakin ang rebolusyonaryong kilusan at ipataw ang pasistang diktadura sa mamamayan. Wasto lamang na ilarawan ang rehimeng nagtataguyod ng terorismo ng estado at labis na kasakiman bilang pangunahing rekruter ng mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma at iba pang rebolusyonaryo. Ito rin ang pinakamahusay na opisyal sa lohistika at transportasyon dahil ipinadadala nito ang kanyang mga tropa nito sa anihilasyon ng BHB sa mga tereyn na bentahe sa pakikidigmang gerilya.

Mula nang naging presidente noong 2016, nahumaling si Duterte sa paghahangad na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan para pagbigyan ang imperyalismong US at lokal na reaksyunaryong uri. Sa simula, iginigiit niyang siya'y "Kaliwa" at "sosyalista" at nagpapanggap na para sa negosasyong pangkapayapaan. Pero ginagamit niya ang pagpapanggap na ito para pagtakpan ang kanyang todo-gera laban sa mamamayan at sa rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan. Ipinatupad niya ang serye ng mga hakbanging mapanupil sa ngalan ng masugid na anti-komunismo laluna ang mga Proklamasyong 360 at 374 hanggang sa *Executive Order 70*.

Gumamit ang rehimen ng pinakabrutal at mapanlinlang na pamamaraan para ipatupad ang isang di-deklaradong pasistang diktadura sa buong bayan at lantarang batas militar sa Mindanao at sa mga eryang pokus ng atake nito. Nagkukubli sa katawagang *whole-of-nation approach*, ang pakanang militarisasyon at paggamit sa gobyerno at buong lipunan bilang pasistang aparato ay magastos at hindi produktibo. Kinapopootan ng malawak na masa ng sambayanan ang sistematiko at malubhang paglabag sa karapatang pantao ng rehimen sa pamamagitan ng *red-tagging*, pekeng pagpapasuko, pekeng

engkwentro, ekstra-hudisyal na pamamaslang, pandarambong, panununog, pambobomba sa mga komunidad at pangangamkam ng lupa at rekurso ng masa para sa mga plantasyon, mina at pagtotroso.

Ang lahat ng pagsisikap ng rehimeng Duterte para wasakin ang CPP at ang rebolusyonaryong kilusang masa ay pawang nangabigo. Kung gayon, dahil sa desperasyon, muli niyang binuksan ang negosasyong pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines noong Disyembre 5. Sa loob ng 24 oras, inilantad niya at ng kanyang mga opisyal militar at pulis ang masama nilang intensyon sa paghahabol nilang ilunsad sa Pilipinas ang usapan at dapat ipailalim ang buong NDFP *negotiating personnel* ang mga sarili nila sa pamumuwersa ng kaaway, kontrol at sarbeylans at maging target ng pagpatay anumang oras.

Gayunman, ang kahilingan ng mamamayan para sa makatarungang kapayapaan, ang panawagan ng mga tagapagtaguyod ng kapayapaan para sa negosasyong pangkapayapaan at ang kagustuhan ng mga anti-militaristang seksyon ng rehimeng Duterte ay sumusuporta sa konsistenteng paninindigan ng CPP at NDFP na maging bukas sa negosasyong pangkapayapaan at hanapin ang lahat ng posibleng paraan para labanan ang lantarang paglabag sa karapatang pantao at ipalaganap ang panawagan ng mamamayan para sa batayang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitikang reporma. Kung gayon, nakipagkaisa ang NDFP at GRP na maglunsad ng magkatugong unilateral na tigil-putukan mula Disyembre 23, 2019 hanggang Enero 7, 2020 para likhain ang paborableng kondisyon sa pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan.

Maisasakatuparan ang muling pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa muling pagtitibay ng mga mutwal na kasunduan mula sa Hague Joint Declaration ng 1992, sa pagpalit sa mga kautusan ni Duterte na nagwakas at pumigil sa negosasyong pangkapayapaan at sa paglalatag ng batayan para sa Interim Peace Agreement, na isang pakete ng mga kasunduan kabilang ang (1) pangkalahatang amnestiya at pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal; (2) pag-apruba sa nilalaman ng *Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER),* partikular ang *agrarian reform and rural development* (ARRD) at *national industrialization and economic development* (NIED); at (3) koordinadong unilateral na tigil-putukan.

Habang may kasunduan sa tigil-putukan at may probabilidad ng pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan, kailangang maging mapagbantay at militante ang CPP at ang buong rebolusyonaryong kilusan laban sa nagpapatuloy

na pakana ng mga kontra-rebolusyonaryo at mga amo nitong imperyalista na naglalayong wasakin at/o pasukuin ang rebolusyonaryong pwersa sa kapinsalaan ng pambansa at demokratikong karapatan at interes ng mamamayang Pilipino. Hangga't walang pinal na kasunduang nagtitiyak sa makatarungang kapayapaan, tungkulin ng mamamayan at rebolusyonaryong pwersa na maglunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka.

**Ang Lumalakas na Rebolusyonaryong Kilusan**

Di magagapi ang CPP at rebolusyonaryong kilusang masa. Pinanday na sila ng higit sa 50-taong rebolusyonaryong pakikibaka laban sa naghaharing sistema at lahat ng estratehikong plano na pinapakana ng imperyalismong US at ng mga lokal nitong papet na sila'y wasakin. Patuloy silang lumalakas dahil higit na nagiging paborable ang mga obhetibong kalagayan sa paglulunsad ng armadong rebolusyon at ang malawak na masa ng mamamayan ay naghahangad ng rebolusyonaryong pagbabago. Batay sa mga publikasyong inilalabas ng CPP, batid kong matatag at buong-lakas nilang itinatatag ang sarili sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Patuloy nitong ineeduka at sinasanay ang bagong mga kasapi at ang lumalaking puu-puong libong kasapian sa teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Bilang pinuno ng rebolusyonaryong kilusan, inilulunsad nito ang demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng mahusay na pagpapalakas sa sarili, paglulunsad ng armadong pakikibaka at pagpapalakas sa nagkakaisang prente. Naglulunsad ito ng gawaing masa at nagtatayo ng mga organisasyong masa ng malawak na pinagsasamantalahang uri at sektor sa lipunang Pilipino. Patuloy itong nagtatayo ng mga bagong yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga katuwang na pwersa ng milisyang bayan at mga yunit pananggol-sa-sarili sa mga pangmasang organisasyon.

Nagsasagawa ito ng gawaing alyansa pangunahin sa pamamagitan ng pagsandig sa batayang uring anakpawis ng manggagawa at magsasaka, paghamig sa mga panggitnang pwersa at pagsasamantala sa mga bitak sa hanay ng mga reaksyunaryo para ihiwalay at wasakin ang kapangyarihan ng kaaway. Sa kasalukuyan, ang rehimeng Duterte ay napalilibutan ng hayag na demokratikong kilusan, ng rebolusyonaryong kilusan, at sa loob ng naghaharing sistema, ng konserbatibong oposisyon. Dahil korap, bangkarote at dekadente ang reaksyunaryong gobyerno, itinatatag ng CPP ang mga organo ng kapangyarihang pampullitika para palitan ang kapangyarihan ng

reaksyunaryong estado sa kanayunan hanggang sa mahinog ang kondisyon para sa pag-agaw sa mga syudad na dinodominahan ng pinagsasamantalahang uri.

Sa balangkas ng gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon, nagsasagawa ang CPP ng regular at napapanahong pagpuna at pagpuna-sa-sarili para iwasto ang mga pagkakamali at kahinaan, para pagbutihin ang paggawa at estilo ng paggawa at magkamit ng mas malalaki at mahuhusay na resulta. Sa balangkas ng kasalukuyang kilusang pagwawasto at sa isang panahon matapos ito, nilulutas nito ang problema ng konserbatismo na labis na nagdiin sa gawaing masa kapalit ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa ilang mga erya na kinatatampukan ng labis na dispersal sa maliliit na yunit (iskwad at tim) ng hukbong bayan.

Tinitiyak ng CPP na sa isang larangang gerilya ang kumand ng platun o pangunahing yunit ng isang kumpanya ay relatibong konsentrado at may kakayahan sa pangangalap ng mga impormasyong magagamit ng BHB, pagpaplano at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba; habang ang dalawa pang platun o segundaryong mga yunit ay relatibong nakakalat para sa gawaing masa pero laging nakahanda sa taktikal na opensiba kailanman kailanganin. Pana-panahong nagrerelyebo ng tauhan ang BHB sa mga tungkuling kombat at di-kombat para paunlarin ang kanilang komprehensibong kasanayan. Sa harap ng mahigpit na pagsalakay ng kaaway, mulat ang mga yunit ng BHB na agawin ang inisyatiba at maglunsad ng operasyong opensibo para sa anihilasyon ng mga yunit ng kaaway, wasakin ang kanilang pasilidad at pwersahin silang magbantay ng kanilang pwesto.

Sa pinakamahusay na tradisyong komunista at makabayan, ang malalakas na rehiyon ng rebolusyonaryong kilusan ay nagbabahagi ng mga mahuhusay at subok-sa-labanang kadre at Pulang kumander para tulungan ang mahihinang rehiyon at itaas ang kakayahang lumaban ng buong rebolusyonaryong kilusan. Ang mga rebolusyonaryong pwersang konsentradong inaatake ng kaaway ay nakapagpupunyagi sa paggamit ng pangunahin at sekundaryong taktika ng pakikidigmang gerilya at nagpapaunlad ng taktika at estratehiya ng kontra-kubkob. Ang mga pwersang hindi gaanong inaatake ng kaaway ay naglulunsad ng mga taktikal na opensiba bilang pagtulong sa mga yunit na konsentradong inaatake ng kaaway.

Bilang tugon sa kahilingan ng mamamayang Pilipino, determinado ang

CPP na pamunuan ang BHB tungo sa ganap na pag-unlad ng estratehikong depensiba ng digmang bayan, mula sa gitnang bahagi tungo sa abanteng bahagi, sa pamamagitan ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya. Ang namumunong mga organo ng CPP ay nagpapaunlad ng koordinasyon at inter-operabilidad ng dalawa o tatlong magkakatabing larangang gerilya para sa depensa at opensa. Determinado ang buong CPP na magtatag ng bagong mga larangang gerilya sa pamamagitan ng pagtatagumpay sa mga labanan at kampanya sa direksyon ng pagpapaunlad ng maraming kumpanya ng BHB at kalauna'y tutungo sa yugto ng estratehikong pagkapatas.

Dahil sa lumalalang krisis ng naghaharing sistema at pagkamuhi ng mamamayan sa paghaharing teror at kasakiman ni Duterte, naging imposible na para sa mga mapamwersa at mapanlinlang na makinarya ng estado na tukuyin at supilin ang buong rebolusyonaryong pwersa at mga aktibidad nito. Ang sariling korapsyon at brutalidad ang humihila pababa sa mga buhong na ahente ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Habang lalo silang nagiging marahas at mapanakot, lalong maghahangad ang mamamayan na maglunsad ng lahat ng anyo ng paglaban.

Bumubulusok na ang rehimeng Duterte sa impyerno at hindi na ito makaapuhap ng solusyon mula sa kanyang mga among imperyalista para mapangibabawan ang lumalakas na rebolusyonaryong kilusan ng mamamayang Pilipino. Sa kabila ng pagpapataw ng lahatang-panig na dominasyon sa Pilipinas, higit na tinitingnan ng US si Duterte bilang kahinaan kaysa isang *asset* dahil sa kabiguan nitong tuparin ang kanyang pangakong wasakin ang rebolusyonaryong kilusan at habang hinahayaan niya ang China na makakuha ng mga bentahe na humahamon sa mga pang-ekonomya at panseguridad na interes ng US sa Pilipinas.

Kasabay nito, habang pinepresyur ang rehimeng Duterte na garapalang isuko ang soberanong karapatan ng Pilipinas, hindi maagap na tinutupad ng China ang kanyang mga pangakong ibigay ang napakalalaking pautang at *overpriced* na proyektong imprastruktura. Ito'y sa kabila ng pataksil na pagpapaubaya sa soberanong karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea at mayamang mina ng langis, gas at yamang dagat nito ganundin ang tagibang na kasunduan sa China para tuklasin at dambungin ang rekursong enerhiya at imonopolisa ang pagtatakda ng halaga ng gastos at impormasyon sa produksyon.

## Lumalalang Krisis ng Pandaigdigang Kapitalistang Sistema

Nasa malubhang krisis ang pandaigdigang kapitalistang sistema. Ang mayor na mga kapitalistang ekonomya, ang itinuturing na umuusbong na mga pamilihan, at ang maraming atrasadong ekonomya ay dumaranas ng depresyon mula nang pumutok ang krisis sa ekonomya at pinansya noong 2008. Ang estratehikong paghina ng US ay bumilis dahil sa magastos at walang-tigil na gerang agresyon at ang pagkabangkarote ng mga patakarang neoliberal sa ekonomya. Naging lantaran ang proteksyunismo ng US at sinisisi ang monopolyo-kapitalistang estado ng China sa pagkakaroon nito ng malalaking sarplas sa eksport sa kalakalan sa US at paggamit ng mga empresang pag-aari ng estado at pagpaplano ng estado para masamantala ang mga konsesyong pang-ekonomya, pangkalakalan at teknolohikal mula sa US sa pagkakamit ng mga estratehikong layunin sa ekonomya at seguridad.

Magkakakontra na ngayon ang dating pangunahing magkakakampi sa neoliberal na globalisasyon sa ilang dekada. Ang tunggalian sa kanilang hanay ang pangunahing mukha ng umiigting na kontradiksyong inter-imperyalista. Lumitaw ito sa panahong desperado ang US sa kanyang estratehikong paghina pero nasa posisyon pa rin siya na ilantad ang kalagayan ng China na nakatuntong sa gabundok na utang at para isabotahe ang akumulasyon ng sarplas na kapital nito sa pamamagitan ng Belt and Road Initiative. Aasahan natin ang mas marami pang tunggaliang lilitaw mula sa dalawang imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas, sa South China Sea, East Asia at sa iba pang rehiyon sa daigdig.

Ang mabilis na lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagdudulot ng higit na pagtindi ng kontradiksyong inter-imperyalista. Ang mga tradisyunal na imperyalistang kapangyarihang pinangungunahan ng US at ang bagong mga imperyalistang kapangyarihang pinangungunahan ng China at Russia ay nahaharap sa isang mapait na sagupaan para sa muling paghahati ng daigdig. Kasabay nito, nagresulta ang krisis sa pagtindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayang proletaryado kapwa sa mga abanteng kapitalistang bayan at atrasadong mga bayan. Kung gayon, nakikita natin ngayon ang walang-kapantay na paglawak at pagtindi ng protestang bayan sa pandaigdigang saklaw, laluna laban sa neoliberalismo at pasismo. Ang kasalukuyang mga protestang bayang nagaganap sa buong daigdig ay indikasyon ng mas malalaking pakikibaka ng mamamayan ng daigdig para sa

pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon.

Marami-raming bilang ng di-armadong kilusang masa ang may potensyal na matransporma sa digmang bayan para lutasin ang susing usapin ng pampulitikang kapangyarihan sa harap ng tumitinding tendensya ng mga imperyalista at reaksyunaryo na gamitin ang pasistang teror para ipagpatuloy ang pinakamalalalang anyo ng pagsasamantala sa ilalim ng neoliberalismo. Ang rebolusyong Pilipino ay tinatangkilik ng umuusbong na popular na pandaigdigang paglaban sa imperyalismo at reaksyon. Kung gayon, mapabibilis nito ang kanyang pagsulong at higit na pagpapalakas sa kanyang tungkulin bilang tapamandila ng pandaigdigang proletaryong rebolusyong sosyalista laban sa imperyalismo.

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!
Mabuhay ang demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba!
Mabuhay ang proletaryado at mamamayang Pilipino!
Mabuhay ang proletaryado at mamamayan ng daigdig!
Mabuhay ang proletaryong internasyunalismo at anti-imperyalistang pagkakaisa ng mamamayan!

# PATULOY NA HINAHADLANGAN NG REHIMENG DUTERTE ANG NEGOSASYONG PANGKAPAYAPAAN AT INILULUNSAD ANG TODO-GERA LABAN SA SAMBAYANANG PILIPINO

11 Enero 2020

Sa kabila ng pangkalahatang pambansang tagumpay ng magkatugong deklarasyon ng *unilateral ceasefire* na naganap mula Disyembre 23, 2019 hanggang Enero 7, 2020, ang rehimeng Duterte ay naglabas ng mga pahayag sa publiko na patuloy na pumipigil at humahadlang sa negosasyong pangkapayapaan at ginagawang imposible ang muling pagbubukas nito sa pagitan ng mga karampatang otorisadong panel ng GRP at NDFP.

Hayagang tinututulan ng mga pahayag-militar ni Duterte ang muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan.  Tumatanggi siyang kilalanin ang pag-iral ng demokratikong gubyernong bayan at pag-iral ng mga teritoryo nito sa mga larangang gerilya upang idiin lamang na pinalalampas niya ang mga paglabag sa mga pinakahuling kasunduang sa tigil putukan ng kanyang mga armadong tauhan at na ipagpapatuloy niya ang kanyang todo-gera laban sa armadong rebolusyonaryong kilusan ng sambayanan.

Ang mga pinakamatataas nyang upisyal militar (Esperon, Lorenzana, Ańo, Galvez at Santos) ay nagpahayag na tutol sila sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng karampatang otorisadong kinatawan ng GRP at ng NDFP at mas nanaisin pa nilang ipagpatuloy ang militarisasyon at pasisasyon ng gubyerno at lipunan sa ilalim ng *Executive Order No. 70.*

Sinasabi nilang hindi na kinakailangan ang negosasyong pangkapayapaan dahil nasa yugto na sila ng pagwasak sa BHB bago ang 2022. Ipinagmamayabang nila na bukas lamang sila sa negosasyon para sa pagsuko sa isang *venue* sa Pilipinas sa ilalim ng kanilang kontrol. Ipinagmamalaki nilang sila ay nasisiyahan na sa itinatakbo ng kampanyang saywar ng mga pekeng pagpapasuko, mga pekeng engkwentro at mga deklarasyon ng persona non grata.

Iginigiit din nila na ang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema ay hindi nangangailangan ng anumang repormang pang-ekonomya panlipunan at pampulitika upang malutas ang mga ugat ng digmang sibil at sa anumang kaso, ang NDFP ay hindi dapat mabigyan ng puwang na makibahagi sa anumang karangalan para sa pagpapatupad at implementasyon ng anumang reporma bilang resulta ng negosasyong pangkapayapaan.

Ang sambayanang Pilipino ay dapat na nabubuhay na sa ilalim ng isang industriyalisadong paraiso na walang panlipunang inhustisya, malawakang disempleyo, mababang kita at malaganap na kahirapan.  Ang taksil, tiraniko, mamamatay tao, korap at sinungaling na rehimeng Duterte ay dapat nilulutas ang lahat ng problema upang hindi na kailanganin ang negosasyong pangkapayapaan.

Sa totoo ang papalalang krisis ng lokal na naghaharing sistema at ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ang tumitinding kalagayan ng pagsasamantala at pang-aapi ay higit na nagiging paborable para sa

pagpupursige at ibayo pang pagpapalakas ng armadong rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino sa kanilang bagong demokratikong rebolusyon para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Sa aktwal, sinasabihan ng rehimeng Duterte ang mga inaapi at pinagsasamantalahang mga masa ng sambayanang Pilipino at ang kanilang rebolusyunaryong pwersa (ang NDFP, ang CPP, ang BHB at ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika) na imposible na ang negosasyong pangkapayapaan hanggang sa pagtatapos ng rehimen at mas mabuti pang maghanda para sa estratehikong depensiba at mga taktikal na mga opensiba laban sa mas mas malalaking pagsalakay ng kanilang kaaway.

Ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino ay may mayamang karanasan at nakapag-ipon ng mga tagumpay sa pagbigo sa mga kampanyang militar ng mga rehimen ng kaaway mula kay Marcos hanggang kay Duterte, kasama ang mahigit tatlong taon ng kasalukuyang rehimen. Maaari nilang samantalahin ang papatinding krisis ng naghaharing sistema at ang poot at kagustuhan ng bayan para sa rebolusyonaryong pagbabago. Nagkamit sila ng lakas sa pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Malayang salin ng RIB sa ilalim ng KARED-TK
2020